



Kung ikaw ay naapektuhan ng coronavirus (COVID-19)

Kung kailangan mong mag-aplay para sa isang Centrelink na kabayaran

Gumawa kami ng mga pagbabago upang maging madali para sa iyo na humiling ng kabayaran. Gamitin ang aming patnubay sa kabayaran upang malaman kung aling kabayaran ang tama para sa iyo. Pumunta sa servicesaustralia.gov.au/covid19

Kung ikaw ay mayroon nang Centrelink Customer Reference Number (CRN), maaari kang humiling online.

Kung ikaw ay hihiling ng JobSeeker Payment, maaari mong simulan nang maaga ang iyong paghiling kung alam mong magbabago ang iyong mga sirkumstansya.

Hindi mo kailangang pumunta sa isang sentro ng serbisyo o tawagan kami. Pumunta sa my.gov.au upang humiling ng isang Centrelink na kabayaran.

Kung wala ka pang CRN, pumunta sa my.gov.au upang kumuha nito. Maaari mong patunayan ang iyong pagkakakilanlan at makakuha ng CRN gamit ang iyong myGov account upang simulan ang iyong paghiling. Hindi mo kailangang pumunta sa isang sentro ng serbisyo.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa servicesaustralia.gov.au/mygov

Coronavirus Supplement

Ang pansamantalang **Coronavirus Supplement** ay natapos noong ika-31 ng Marso 2021.

JobKeeper Payment

Ang JobKeeper Payment ay natapos noong ika-28 ng Marso 2021. Kung ikaw ay tumatanggap ng kabayaran mula sa amin, dapat mo pa ring iulat ang JobKeeper bilang kita kung natatanggap mo ito sa iyong sahod mula sa iyong tagapag-employo.

Tumaas ang ilang mga kabayaran

Mula ika-1 ng Abril 2021, ang sumusunod na mga kabayaran ay permanenteng tumaas ng \$50 kada fortnight (dalawang linggo):

- JobSeeker Payment
- Youth Allowance
- Disability Support Pension kung ikaw ay wala pang 21 taong gulang na walang umaasang mga anak
- Parenting Payment
- Austudy
- ABSTUDY Living Allowance, maliban sa mga estudyante sa tertiary na wala pang 16 na taong gulang, at mga estudyanteng nag-aaral ng masters at doctorate
- Special Benefit
- Partner Allowance

- Widow Allowance
- Farm Household Allowance
- Status Resolution Support Services (SRSS).

Ang pagtaas ay maaari ring ilapat sa mga kalahok sa New Enterprise Incentive Scheme.

Hindi mo kailangang gumawa ng anuman. Ito ay awtomatikong ibabayad bilang bahagi ng iyong karaniwang kabayaran.

Special Benefit

Walang mga pagbabago sa mga patakaran ng paninirahan at pagiging marapat para sa Special Benefit.

Kung hindi ka maaaring makakuha mula sa amin ng anumang iba pang suporta sa kita, at ikaw ay nasa matinding pinansyal na paghihirap, maaari kang makakuha ng Special Benefit.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa servicesaustralia.gov.au/specialbenefit

Crisis Payment—Pambansang Emerhensyang Pangkalusugan

Ikaw o ang tao na iyong inaalagaan ay maaaring kwalipikado para sa Crisis Payment kung iyong matutugunan ang lahat ng mga sumusunod:

- ikaw ay nakakuwentena o nagbukod ng sarili dahil sa COVID-19
- natutugunan mo ang mga panukat para sa matinding pinansyal na paghihirap
- natutugunan mo ang mga patakaran sa pagiging marapat para sa kabayaran suporta sa kita
- ikaw ay nasa Australya kapag humiling ka ng Crisis Payment.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa servicesaustralia.gov.au/crisispayment

Child Care Subsidy at Additional Child Care Subsidy

Kung ang iyong anak ay hindi makadalo sa childcare, dapat kang makipag-usap sa iyong serbisyo ng childcare. Maaari kang makakuha ng Child Care Subsidy nang hanggang 42 pagliban kada bata bawat taon para sa anumang dahilan. Dapat kang makipag-usap sa iyong serbisyo tungkol sa iyong mga opsyon kung ang iyong anak ay hindi makadalo dahil sa COVID-19. Kung ang iyong anak ay dumadalo sa child care sa Victoria, maaari kang maka-access ng 45 dagdag na pinapahintulatang mga araw ng pagliban. Ibig sabihin, maaari kang makakuha ng hanggang 87 na pinapahintulatang mga araw ng pagliban kada bata para sa pinansyal na taong 2020-21.

Pag-update ng iyong mga oras ng aktibidad

Ang mga oras ng Child Care Subsidy na maaari mong makuha kada fortnight ay magdedepende sa mga oras ng aktibidad na ginagawa mo at ng iyong partner. Kung nabago ang iyong kinikilalang aktibidad, tiyaking i-update mo ito.

Mga may hawak na subclass ng pansamantalang visa

Walang mga pagbabago sa mga kabayaran na maaari mong hilingin kung may hawak kang pansamantalang visa.

Ang mga subclass ng pansamantalang visa na 060, 070, 309, 449, 785, 786, 790 at 820 ay maaaring marapat para sa:

- Child Care Subsidy
- Crisis Payment
- Dad and Partner Pay
- Double Orphan Pension
- Family Tax Benefit
- Low Income Health Care Card
- Parental Leave Pay
- Special Benefit
- Stillborn Baby Payment.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa servicesaustralia.gov.au/visaholders

Mga panahon ng paghihintay

Maaari kaming maglapat ng mga panahon ng paghihintay kapag ikaw ay humihiling ng isang kabayaran mula sa amin.

Ordinary waiting period

Ikaw ay maaaring maghintay ng isang linggo bago magsimula ang iyong mga kabayaran. Tinatawag namin itong ordinary waiting period.

Newly arrived resident' s waiting period

Kung kararating mo lamang bilang isang residente sa Australya, ikaw ay maaaring maghintay upang makatanggap ng mga kabayaran o mga concession card.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa servicesaustralia.gov.au/newresidentswaiting

Mga liquid asset (pondong handa nang gamitin)

Ang mga liquid asset ay anumang pondo na handa na mo nang gamitin at ng iyong partner. Kabilang dito ang pera na ari ng isang tagapag-employo.

Seasonal Work Preclusion Period

Ito ay maaaring ilapat kung ikaw ay nagsabmit ng hiling sa loob ng anim na buwan makaraang matapos ang pagtatrabaho mo o ng iyong partner sa anumang:

- pana-panahong trabaho
- kontratang trabaho
- pahintu-hintong trabaho.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa servicesaustralia.gov.au/covid19

Income free area

Mula ika-1 ng Abril 2021, ang income free area ay magiging \$150 para sa:

- JobSeeker Payment
- Parenting Payment partnered
- Youth Allowance for job seekers
- Farm Household Allowance

- Widow Allowance
- Partner Allowance.

Ibig sabihin, maaari kang kumita hanggang \$150 kada fortnight bago nito maapektuhan ang iyong kabayaran.

Partner income test (pagtasa sa kita ng partner)

Mula ika-1 ng Abril 2021, may pagbabago sa partner income test para sa JobSeeker Payment. Ang iyong kabayaran ay mababawasan ng 60 cents para sa bawat dolyar na kita ng iyong partner na hihigit sa partner income free area. Kung ang iyong partner ay mahigit 22 taong gulang, ang partner income free area ay magiging \$1,124 kada fortnight.

Maaaring magbago ang halagang ito kung ang iyong partner ay makakakuha ng kabayaran hindi pensiyon sa Pharmaceutical Allowance o Rent Assistance. Kung ang iyong kita ay mababa kaysa \$150 kada fortnight, ang iyong partner ay maaaring kumita ng hanggang \$2,079.50 bago maging zero ang iyong kabayaran.

Para sa karagdagang impormasyon kung magkano ang iyong makukuha at ano ang mga limitasyon ng iyong kita at mga ari-arian, pumunta sa servicessaustralia.gov.au/jsp

Pag-uulat ng kita

Kapag naapruba namin ang iyong hiling para sa suporta sa kita, dapat mong sabihin sa amin ang iyong kita at ng iyong partner. Hindi namin magagawa ang unang kabayaran hanggang sa nagawa na ninyo ito.

Dapat mo ring iulat sa amin ang iyong kita at ng iyong partner kada fortnight kahit na ito ay \$0.

Ito ay upang mabayaran ka namin ng tamang halaga.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa servicessaustralia.gov.au/incomereporting

Mutual obligation requirements (Mga pinagkasunduang obligasyon)

May mga bagay kang dapat gawin upang patuloy tumanggap ng kabayaran. Tinatawag namin itong mutual obligation o mga kinakailangang paglahok. Maaaring mayroon ka nito kung tumatanggap ka ng mga kabayaran ito:

- JobSeeker Payment
- Parenting Payment
- Special Benefit
- Youth Allowance as a job seeker.

Pumunta sa servicessaustralia.gov.au/mutualobligation o sa iyong myGov account para sa mga update.

Iba pang serbisyong pangsuporta na maaaring makatulong sa iyo

Payment and Service Finder

Gamitin ang Payment and Service Finder upang humanap ng mga serbisyong pangsuporta sa inyong pook. Maaaring kabilangan ito ng mga serbisyong pagpapayo at kalusugang pangkaisipan.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa servicessaustralia.gov.au/servicefinder

Karahasan sa pamilya at tahanan

Kung ikaw ay naapektuhan ng karahasan sa pamilya at tahanan, maaari kaming tumulong. Kami ay nagbibigay ng impormasyon, suporta at pagsangguni.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa servicesaustralia.gov.au/domesticviolence

Mga social work na serbisyo

Ang aming mga social worker ay tumutulong sa mga tao sa panandaliang pagpapayo, impormasyon, at pagsangguni sa mga serbisyong pangsuporta.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa servicesaustralia.gov.au/socialwork

Financial Information Service

Isang walang bayad na serbisyo upang tulungan ka sa mga pinansyal na bagay. Hindi mo kailangang maging isang kostumer upang ma-access ang serbisyong ito.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa servicesaustralia.gov.au/fis

Para sa karagdagang impormasyon

- Tumawag sa iyong regular na payment line at ipaalam sa amin kung kailangan mo ng interpreter. Mag-aayos kami nito nang walang bayad. Para sa listahan ng aming mga numero ng telepono, pumunta sa servicesaustralia.gov.au/phoneus
- Tumawag sa **131 202** upang makipag-usap sa amin sa iyong wika tungkol sa mga kabayaran at serbisyo ng Centrelink.
- Tumawag sa Translating and Interpreting Service (TIS National) sa **131 450** upang makipag-usap sa amin sa iyong wika tungkol sa mga kabayaran at serbisyo ng Medicare at Child Support.
- Pumunta sa servicesaustralia.gov.au/covid19 para sa karagdagang impormasyon sa wikang Ingles.
- Pumunta sa servicesaustralia.gov.au/yourlanguage kung saan ikaw ay maaaring magbasa, makinig, o manood ng impormasyon na nasa iyong wika.
- Pumunta sa servicesaustralia.gov.au/mygovguides para sa tulong sa paglikha at pag-link ng mga serbisyo online, sa ilang mga wika.

Ang provider (tagapagbigay ng serbisyo) ng iyong telepono ay maaari kang singilin ng di-mababawang halaga para sa mga tawag mula sa iyong telepono sa bahay sa mga numerong '13'. Ito ay mula saanman sa Australya at ang halaga ay maaaring magkaiba-iba depende sa iyong provider ng telepono. Ang mga tawag sa mga numerong '1800' mula sa iyong telepono sa bahay ay walang bayad. Maaaring orasan ng mga provider ng telepono ang iyong tawag at sumingil nang mas mataas na halaga kung ikaw ay tatawag mula sa teleponong pampubliko o mobile phone.

Pagtatatuwa

Ang impormasyong taglay ng lathalaing ito ay gabay lamang para sa mga kabayaran at serbisyo, at ito ay tama noong ika-7 ng Abril 2021. Mangyaring tingnan ang aming website para sa pinakabagong impormasyon. Responsibilidad mong magpasya kung nais mong mag-aplay para sa isang kabayaran batay sa iyong mga partikular na sirkumstansya.



If you are affected by coronavirus (COVID-19)

If you need to apply for a Centrelink payment

We have made changes so it is easier for you to claim a payment. Use our payment guide to check which payment is right for you. Go to servicessaustralia.gov.au/covid19

If you already have a Centrelink Customer Reference Number (CRN), you can claim online.

If you are claiming JobSeeker Payment, you can start your claim early if you know your circumstances are changing.

You do not need to go to a service centre or call us. Go to my.gov.au to make a claim for a Centrelink payment.

If you do not have a CRN, go to my.gov.au to get one. You can establish your identity and get a CRN using your myGov account to start your claim. You do not need to visit a service centre.

For more information go to servicessaustralia.gov.au/mygov

Coronavirus Supplement

The temporary **Coronavirus Supplement** ended on 31 March 2021.

JobKeeper Payment

The JobKeeper Payment ended on 28 March 2021. If you are getting a payment from us, you must still report JobKeeper as income if you get it in your pay from your employer.

Some payments have increased

From 1 April 2021, the following payments permanently increased by \$50 per fortnight:

- JobSeeker Payment
- Youth Allowance
- Disability Support Pension if you are under 21 with no dependent children
- Parenting Payment
- Austudy
- ABSTUDY Living Allowance, except for tertiary students under 16 and masters and doctorate students
- Special Benefit
- Partner Allowance
- Widow Allowance
- Farm Household Allowance
- Status Resolution Support Services (SRSS).

The increase may also apply to participants in the New Enterprise Incentive Scheme.

You do not need to do anything. It is paid automatically as a part of your normal rate.

Special Benefit

There are no changes to the residence and eligibility rules for Special Benefit.

If you cannot get any other income support payment from us, and you are in severe financial hardship you may get Special Benefit.

For more information go to servicessaustralia.gov.au/specialbenefit

Crisis Payment—National Health Emergency

You or the person you are caring for may qualify for Crisis Payment if you meet all of the following:

- either of you are in quarantine or self-isolation due to COVID-19
- you meet the severe financial hardship criteria
- you meet the eligibility rules for an income support payment
- you are in Australia when you claim Crisis Payment.

For more information go to servicessaustralia.gov.au/crisispayment

Child Care Subsidy and Additional Child Care Subsidy

If your child cannot attend childcare, you should talk to your childcare service. You can get Child Care Subsidy for up to 42 absences per child each year for any reason. You should talk with your service about your options if your child cannot attend because of COVID-19. If your child attends child care in Victoria, you can access 45 extra allowable absence days. This means, you can get up to 87 allowable absence days per child for the 2020-21 financial year.

Updating your activity hours

The number of hours of Child Care Subsidy you can get each fortnight depends on the hours of activity you and your partner do. If your hours of recognised activity have changed, make sure you update this.

Temporary visa subclass holders

There are no changes to payments you can claim if you hold a temporary visa.

Temporary visa subclasses 060, 070, 309, 449, 785, 786, 790 and 820 may be eligible for:

- Child Care Subsidy
- Crisis Payment
- Dad and Partner Pay
- Double Orphan Pension
- Family Tax Benefit
- Low Income Health Care Card
- Parental Leave Pay
- Special Benefit
- Stillborn Baby Payment.

For more information go to servicessaustralia.gov.au/visaholders

Waiting periods

We may apply waiting periods when you claim a payment from us.

Ordinary waiting period

You may need to wait one week for your payments to start. We call this an ordinary waiting period.

Newly arrived resident's waiting period

If you've recently arrived as a resident in Australia, you may have to wait to get payments or concession cards.

For more information go to servicessaustralia.gov.au/newresidentswaiting

Liquid assets

Liquid assets are any funds you and your partner have ready to use. This includes money owned by an employer.

Seasonal Work Preclusion Period

This may apply if you submit a claim within six months of you or your partner finishing any:

- seasonal work
- contract work
- intermittent work.

For more information go to servicessaustralia.gov.au/covid19

Income free area

From 1 April 2021, the income free area is changing to \$150 for:

- JobSeeker Payment
- Parenting Payment partnered
- Youth Allowance for job seekers
- Farm Household Allowance
- Widow Allowance
- Partner Allowance.

This means you can have income up to \$150 per fortnight before it affects your payment.

Partner income test

From 1 April 2021, there is a change to the partner income test for JobSeeker Payment. Your payment will reduce by 60 cents for each dollar of income your partner has over the partner income free area. If your partner is over 22 years of age, the partner income free area will be \$1,124 per fortnight.

This amount may change if your partner gets a payment that is not a pension with Pharmaceutical Allowance or Rent Assistance. If your income is less than \$150 per fortnight, your partner can earn up to \$2,079.50 before your payment reduces to zero.

For more information about how much you can get and what your income and assets limits are go to servicessaustralia.gov.au/jsp

Income reporting

When we approve your claim for income support, you must tell us your and your partner's income. We cannot make your first payment until you do.

You must also report your and your partner's income to us each fortnight even it is \$0.

This is so we can pay you the right amount.

For more information go to servicessaustralia.gov.au/incomereporting

Mutual obligation requirements

There are things you must do to keep getting a payment. We call these mutual obligation or participation requirements. You may have them if you are getting one of these payments:

- JobSeeker Payment
- Parenting Payment
- Special Benefit
- Youth Allowance as a job seeker.

Go to servicessaustralia.gov.au/mutualobligation or your myGov account for updates.

Other support services that can help you

Payment and Service Finder

Use the Payment and Service Finder to find support services in your local area. This can include counselling and mental health services.

For more information go to servicessaustralia.gov.au/servicefinder

Family and domestic violence

If you are affected by family and domestic violence, we can help. We provide information, support and referrals.

For more information go to servicessaustralia.gov.au/domesticviolence

Social work services

Our social workers help people with short-term counselling, information and referrals to support services.

For more information go to servicessaustralia.gov.au/socialwork

Financial Information Service

A free service to help you with financial matters. You do not need to be a customer to access this service.

For more information go to servicessaustralia.gov.au/fis

For more information

- Call your regular payment line and let us know if you need an interpreter. We will arrange one for free. For a list of our phone numbers, go to servicessaustralia.gov.au/phoneus
- Call **131 202** to speak with us in your language about Centrelink payments and services.

- Call the Translating and Interpreting Service (TIS National) on **131 450** to speak with us in your language about Medicare and Child Support payments and services.
- Go to **servicesaustralia.gov.au/covid19** for more information in English.
- Go to **servicesaustralia.gov.au/yourlanguage** where you can read, listen to or watch information in your language.
- Go to **servicesaustralia.gov.au/mygovguides** for help with creating and linking online services, in some languages.

Your phone provider may charge you a fixed rate for calls from your home phone to '13' numbers. This is from anywhere in Australia and the rate may vary depending on your phone provider. Calls to '1800' numbers from your home phone are free. Phone providers may time your call and charge a higher rate if you call from a public or mobile phone.

Disclaimer

The information contained in this publication is a guide to payments and services only, and is correct as of 7 April 2021. Please check our website for the most current information. It is your responsibility to decide if you wish to apply for a payment based on your particular circumstances.